DEPED DIVISION OF CATANDUANES
RECORDS SECTION
RELEASED
BY: MAR 25 2022
DATE: TIME: 8:55

Republic of the Philippines

# Department of Education

REGION V

SCHOOLS DIVISION OFFICE OF CATANDUANES

23 Marso 2022

MEMORANDUM PANSANGAY

Blg. 149, s. 2022

**PROBISYON NG KONTEKSTUWALISADONG VIDEO LESSONS PARA SA MGA PAMPAARALANG INTERBENSIYON SA PAGBASA**

Sa mga: Kawaksing Tagapamanihala
Hepe ng CID at SGOD
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Punongguro/Prinsipal (Sekundarya at Elementarya)

1. Kaugnay ng pagpapatupad ng Pagbasa ang Pag-asa Program ng Sangay ng Catanduanes, ipinapabatid ang nakapaloob na patnubay para sa paggamit ng video lessons sa pampaaralang interbensiyon sa pagbasa sa antas 5 at 8 sa elementarya at sekundarya.

2. Nakapaloob din ang paggamit ng suplay na Tablets at On-The-Go (OTG) Flash Drives para sa mga piling paaralan.

3. Para sa iba pang impormasyon, maaring makipag-ugnayan kay Dr. Ma. Gina M. Templonuevo, superbisor sa Filipino.

4. Hinihiling ang malawakang pagpapatupad ng Memorandum na ito.

**SUSAN S. COLLANO**
Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Taluntunan sa ilalim
ng sumusunod na mga paksa:
FILIPINO PROGRAM INTERBENSIYON

CID:RGP/mgmt
03/23/2022

San Roque, Virac, Catanduanes
052 – 8114063
catanduanes@deped.gov.ph
www.depedrovcatanduanes.com
DepEd Tayo – Region V - Catanduanes

**PATNUBAY PARA SA PROBISYON NG KONTEKSTUWALISADONG VIDEO LESSONS SA PAMPAARALANG INTERBENSIYON SA PAGBSA**

## I. Layunin

Layunin ng programang Pagbasa ang Pag-asa ang matulungan ang mga mag-aaral sa elementarya at sekundarya sa antas 5 at 8 na hanggang sa kasalukuyang panuruang taon ay hindi pa rin nakakikilala ng tunog ng mga letra sa alpabeto. Ayon sa datus mula sa ginawang madaliang pagtataya sa pagbasa (Rapid Reading Appraisal) noong 2020, mahigit 600 na mga bata ang nasa ganitong kalagayan. Sa ginawang balidasyon sa taong ito, nanatili pa rin ang suliraning ito sa Baitang 5 at 8. Dahil sa kalagayang ito, at dahil na rin sa pagpapaigting ng Brigada Pagbasa sa Dibisyon at mga pagsasanay sa literasi, at I CARE for ISLA, ang Sangay ng Catanduanes na gumawa ng inisyatibo upang malutas ang suliraning ito sa pagbasa.

May mga kontekstuwalisadong video lessons na nabuo ang Pagbasa ang Pag-asa Program Development Team at ito ay naipamahagi na sa mga paaralan noong Nobyembre 29, 2021 kasabay ng oryentasyon kung paano at saan ito gagamitin. Binigyang diin ang pagkakaroon ng pampaaralang interbensiyon sa pagbasa sa bawat paaralan upang magamit ang video lessons. Sa pagtatapos ng panuruang taon 2021-2022, ang inaasahang bunga ng interbensiyon sa pagbasa ay zero non-readers.

Ilan sa mga batas na pinagbatayan ng pagkakaroon ng programa sa pagbasa at pagbuo ng video lessons ay ang RA 9155 (Governance of Basic Education Act of 2001, RA 10533 or the Enhanced Basic Education Act of 2013, at 1987 Constitution.

Ang mga kontekstuwalisadong video lessons ay higit na makakatulong sa mga paaralan sa pagpapatupad ng kanilang Basic Education Learning Continuity Plan o BE-LCP.

## II. Saklaw

Ang mga patnubay ay magbibigay daan upang magabayan ang mga punongguro at mga guro sa pagbasa sa paggamit ng mga video lessons sa kanilang pampaaralang interbensiyon sa pagbasa sa antas 5 at 8. Saklaw din nito ang paggamit ng mga suplay na tablets at On-The-Go (OTG). Kung higit na kinakailangan, maaring gamitin ang mga video lessons sa ibang antas, ngunit ang datus na hinihingi ng programang pagbasa ang pag-asa ay nakatuon lamang sa antas 5 at 8 ngayong taon.

San Roque, Virac, Catanduanes
052 – 8114063
catanduanes@deped.gov.ph
www.depedrovcatanduanes.com
DepEd Tayo – Region V - Catanduanes

III. Patnubay sa Implementasyon

Ang mga patnubay ay susundin ng mga paaralan sa pagpapatupad ng kanilang pampaaralang interbensiyon sa pagbasa sa taong panuruan 2021-2022 gamit ang video lessons na binuo ng Pagbasa ang Pag-asa program ng Sangay ng Catanduanes.

Ang gastusin ng Pagbasa-ang Pag-asa Development Team sa mga gawaing pagpapabuti ng mga video lessons, kung kinakailangan, ay manggagaling sa pondo ng Sangay at dadaan sa pag-apruba ng Hepe ng Kurikulum at ng tanggapan ng Tagapamanihala.

A. Pag-access ng video lessons

1. Ang mga video lessons sa pagbasa ay ibinigay sa lahat ng mga Tagamasid Pampurok. na siyang inatasang magbabahagi sa lahat ng mga paaralan.

2. Ito ay ginawa para lamang sa Sangay ng Catanduanes. Hihingi ng pahintulot sa Tagapamanihala ang sino mang nais gumamit nito na hindi kabilang sa Sangay ng Catanduanes.

3. Maari rin itong ma-access sa Learning Resource portal ng Sangay.

B. Paggamit ng video lessons

1. Ang mga kontekstuwalisadong video lessons na ginawa ng Pag-basa ang Pag-asa Program ay nakatuon sa mga mag-aaral sa antas 5 at 8 na sumasailalim sa interbensiyon sa pagbasa, taong panuruan 2021-2022.

2. Maari ring gamitin ang mga videos sa ibang antas kung kinakailangan.

3. Ang pagbibigay ng video lessons sa mga bata ay pangungunahan ng mga punongguro at guro sa pagbasa.

4. Para sa mga bata na walang gadgets, ang mga punongguro ay makikipag-ugnayan sa mga magulang upang magabayan sila sa paggawa ng paraan upang makapanood ang mga bata ng mga aralin.

5. Bigyang pangalan ang ipinapatupad na programa sa pagbasa.

6. Maaring gumamit ng ibang kagamitang pampagtuturo na pampuno sa videos kung ito ay kinakailangan.

7. Ang probisyon ng Tablets at On-The-Go (OTG) Flash Drives na ibibigay ng Sangay ay pag-aari ng DepEd; samakatuwid, ang mga ito ay ibabalik pagkatapos ng programa.

C. Pagtatasa

1. Ang paaralan ay magbibigay ng pagtatasa; unang pagtatasa, kalagitnaan at huling pagtatasa upang mabantayan ay pagkatuto ng mga bata.

2. Ang gabay na porma ang susundin sa pagkuha ng impormasyon na siyang ipapasa sa Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum.

3. Ang ulat sa pagtatasa sa katapusan ng taon ay may paghahambing ng resulta bago at pagkatapos ng interbensiyon at may kalakip na naratibo kasama ng mga larawan, plano sa implementasyon, at proposal.

4. Ang balidasyon ay gagawin ng Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum.

D. Pag-monitor at Ebalwasyon

1. Ang Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum ay magtitipon ng mga puna sa pagpapatupad ng pampaaralang interbensiyon sa pagbasa gamit ang kontekstuwalisadong video lessons ng Pagbasa ang Pag-asa Program sa elementarya at sekundarya, antas 5 at 8.

2. Ang mga puna ay magiging gabay sa mga susunod pang hakbang sa mga gawaing magpapaunlad ng pagkatuto.

Pormularyo 1

Pampaaralang Interbensiyon sa Pagbasa
Nobyembre-Hunyo, 2022

Paaralan: ________________

Munisipyo:___________
Distrito: ______________

Nobyembre, 2021

| Baitang | Bilang ng Mag-aaral | | Kabuoan |
|---|---|---|---|
| | Babae | Lalaki | |
| 5 | | | |
| 8 | | | |

Inihanda:

_______________
Guro sa Pagbasa

Nabatid:

____________________
Prinsipal

Inaprubahan:

____________________
Tagamasid Pampurok

Pormularyo 2

TOOL PARA SA PAGSUBAYBAY NG MGA MAG-AARAL
SA PAMPAARALANG INTERBENSIYON SA PAGBASA

Pangalan ng Pampaaralang Interbensiyon sa Pagbasa: __________
Munisipyo:________________
Paaralan: ________________

Mag-aaral Blg. ___
Linggo : ______

| Tanong | Lunes | Martes | Miyerkules | Huwebes | Biyernes |
|---|---|---|---|---|---|
| Ano ang tunog na natutuhan mo sa linggong ito? | | | | | |
| Nagustuhan mob a ang iyong napanood? | | | | | |
| Ano ang nahirapan mo? | | | | | |
| Iba pang kahilingan | | | | | |

Nagmonitor:

________________
Guro sa Pagbasa

Nabatid:

________________
Prinsipal

Pormularyo 3

## Resulta ng Pampaaralang Interbensiyon sa Pagbasa

Pangalan ng Pampaaralang Interbensiyon sa Pagbasa: ____________________
Distrito: ____________
Paaralan: ____________________
Baitang: ____________________

| Bilang ng Mag-aaral na Sumailalim sa Interbensiyon sa Batay sa Unang Pagtatasa (Pre –Assessment Result) | Bilang ng Mag-aaral na Nakabasa ng mga tunog ng alpabeto at nakababasa ng salita, pangungusap at parirala sa *Huling Pagtatasa (Post Assessment Result) | | Pagpapahayag/Paghuhusga (Remarks) |
|---|---|---|---|
| | Nakababasa ng: | | |
| | tunog ng lahat na letra | | |
| | salita | | |
| | parirala | | |
| | pangungusap | | |
| | talata | | |

*Maaring gamitin sa Huling Pagtatasa ang Functional Literacy Assessment Tool (FLAT) na ginamit sa BE Pagbasa sa elementarya.

Inihanda ni:

________________
Prinsipal

Nabatid:

________________
Tagamasid Pampurok

Pormularyo 4
PANDISTRITONG ULAT

Pinagsama-samang Datus
Mula sa Resulta ng mga Pampaaralang Interbensiyon sa Pagbasa

Baitang 5 at 8

Distrito: ___________
Baitang: _______
Antas: _______

| Bilang ng Paaralan | Indicator | Bilang ng mag-aaral | | Bilang ng Nakabasa | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Nakababasa ng: | Pre-Test | | Post Test | |
| | | Babae | Lalaki | Babae | Lalaki |
| _________ | tunog ng letra | | | | |
| | salita | | | | |
| | letra | | | | |
| | pangungusap | | | | |
| | parirala | | | | |
| | talata | | | | |
| Kabuoan | | | | | |

Ipinasa ni:

_______________
Tagamasid Pampurok

Inaprubahan:

________________________________
Hepe ng Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum